

IMPORMASYON AT LIHAM NG PAHINTULOT PARA SA MAGULANG / TAGAPAG-AALAGA / GUARDIAN

2024 Mga Saloobin ng Mag-aaral sa Survey ng Paaralan (2024 Student Attitudes to School Survey)

Mahal na Magulang / Tagapag-alaga / Guardian,

Nais ipaalam ng liham na ito ang tungkol sa 2024 Student Attitudes to School Survey (AtoSS), na ibibigay sa lahat ng mag-aaral sa pampublikong paaralan na nasa Year 4 hanggang Year 12.

Tungkol sa survey

Ang AtoSS ay kusang-loob na taunang survey sa mag-aaral na inaalok ng Kagawaran ng Edukasyon upang tulungan ang mga paaralan at ang kagawaran na maunawaan ang mga pananaw at karanasan ng mga mag-aaral sa paaralan. Pinahahalagahan namin ang boses ng mag-aaral bilang isang paraan upang pagbutihin ang pakikipag-ugnayan ng mag-aaral, kagalingan at kalidad ng pagtuturo at tatanungin namin ang iyong anak tungkol sa kaniyang mga iniisip at damdamin kaugnay ng kaniyang paaralan, pag-aaral, mga ugnayan sa kapwa mag-aaral, katatagan, pambu-bully, kalusugan at kapakanan, at buhay sa pangkalahatan.

Ang ORIMA Research Pty Ltd ay kinontrata ng kagawaran upang pangasiwaan ang online survey at suportahan ang mga paaralan sa panahon ng survey sa pamamagitan ng telephone hotline at email.

Sa taon na ito, isasagawa ang survey sa iyong paaralan mula 20/05/2024 to 14/06/2024.

Ano ang mga benepisyo nito?

Ang mga kabataan ay nasisiyahang magpahayag ng kanilang pananaw! Ang survey na ito ay tumatakbo na nang humigit-kumulang 20 taon at napakahalaga upang maunawaan ng mga paaralan ang mga pananaw ng mga mag-aaral upang sa gayon ay makapagplano ng mga programa at aktibidad na magpapabuti sa karanasan sa pag-aaral ng iyong anak. Ang mga tugon sa survey ay tumutulong din sa Kagawaran ng Edukasyon na maunawaan kung paano pagbutihin ang mga karanasan sa pagkatuto ng mag-aaral

Ano ang mga panganib?

Bagama't wala kaming nakikinitang maraming panganib sa pakikilahok, maaaring sa palagay ng ilang estudyante ay personal at sensitibo ang ilan sa mga tanong sa survey. Kung sumang-ayon ka sa paglahok ng iyong anak, malaya pa rin siyang laktawan ang mga tanong o umatras sa anumang yugto kung ang survey ay nagdudulot sa kaniya ng pagkabalisa o pagkaalangan. May isang gurong naroroon sa panahon ng survey upang suportahan ang mga mag-aaral.

Ang mga tanong na pinili mula sa validated survey instruments na ginagamit sa Australya at sa buong mundo, ay nakabatay sa lakas, at iniayon para sa bawat grupo ng baitang (year level).

Ano ang ipapagawa sa aking anak?

Aanyayahan ang iyong anak na kumpletuhin ang survey sa **online habang nasa klase** gamit ang isang secure na tool sa online survey na binuo para sa layuning ito. Mahalagang tandaan na hindi namin, sa anumang paraan, "sinusuri" ang iyong anak. Paalala:

- Ang paglahok ng mag-aaral sa survey ay kusang-loob at ang mga mag-aaral ay maaaring umatras anumang oras.
- Available ang survey sa iba't ibang bersyon upang makalahok ang lahat ng mag-aaral.

- Ang survey ay tatagal nang humigit-kumulang 20-45 minuto upang makumpleto

Paano pinoprotektahan ang pagkapribado ng aking anak?

Ang iyong anak ay bibigyan ng isang unique login upang makumpleto ang survey mula sa kaniyang guro. Ang student login ang itinalagang pagkakakilanlan (identifier) na gagamitin ng kagawaran upang mag-link ng mga datos para sa layuning pagsusuri at pananaliksik lamang. Ang makikilalang impormasyon, gaya ng pangalan ng mag-aaral o Victorian Student Number (VSN) ay **hindi** ginagamit para sa pag-link ng mga datos. Ang ilang datos ng demograpiko ng mag-aaral (halimbawa, year level, kasarian, edad, katayuang Aboriginal at/o Torres Strait Islander) ay hinango mula sa mga pang-administratibong rekord na hawak ng kagawaran at naka-link sa indibidwal na student login ID sa panahon ng pag-set up ng survey upang suportahan ang pangangasiwa ng survey.

Gagamitin lamang ng ORIMA Research ang personal na impormasyon ng mag-aaral para sa mga layunin ng pananaliksik upang mapadali ang pangangasiwa at pangongolekta ng mga datos ng Attitudes to School Survey. Upang matiyak na protektado ang pagkapribado ng mga tugon ng iyong anak sa lahat ng oras, ang makikilalang personal na mga datos ay hindi itatala sa file ng mga tugon sa survey na ibinibigay ng ORIMA Research sa kagawaran. Lahat ng datos ay nakaimbak sa mga server na matatagpuan sa Australya at ang pag-access ay para lamang sa mga kawani na nagtatrabaho sa proyekto.

Lahat ng impormasyong nakolekta tungkol sa iyong anak ay hahawakan alinsunod sa *Privacy Data and Protection Act 2014* (Vic), sa *Health Records Act 2001* (Vic) at sa *Public Records Act 1973* (Vic), at maging sa [Schools' Privacy Policy](#) ng Kagawaran. Pakitandaan na alinsunod sa batas na nasa itaas at sa aming patakaran, may mga pagkakataon kung saan maaaring kailanganin ng batas na magbahagi ng impormasyong ibinigay ng iyong anak. Halimbawa, kung may banta sa kalusugan at kaligtasan ng iyong anak.

Paano iuulat ang mga resulta?

Gagamitin ang pinagsama-samang mga datos ng survey sa buong estado upang mag-ulat ng mga inisyatiba at maaari ring gamitin sa mga pampublikong talakayan ng mga isyu na may kaugnayan sa pakikipag-ugnayan at kapakanan ng mag-aaral. Kasama sa halimbawa kung paano ginamit ang mga datos ng survey dati ang pag-uulat ng mga antas ng pakikipag-ugnayan ng mag-aaral sa Buod ng Pagganap (Performance Summary) sa Taunang Ulat sa Komunidad ng Paaralan (Annual Report to the School Community).

Ang mga resulta ng survey ay iuulat din pabalik sa paaralan sa paraang pinagsama-sama sa buong panahon ng survey. Ang mga datos o mga resulta tungkol sa mga indibidwal na mag-aaral ay hindi ibabahagi sa mga paaralan. Lahat ng datos ng survey na ginawang available sa mga ulat ay para lamang sa mga grupo ng mga mag-aaral upang walang indibidwal na mag-aaral ang makikilala. Kung kaunti lang ang bilang ng mga mag-aaral, ang mga datos ay hindi ipapaalam upang hindi makita ng paaralan ang mga resulta para sa pangkat na iyon.

Maaaring ibahagi ng iyong paaralan ang mga resulta ng survey sa mga magulang at tagapag-alaga.

Mga opsyon sa pakikilahok

Ang pakikilahok sa survey na ito ay **kusang-loob**. Kung **ayaw** mong gawin ng iyong anak ang survey, mangyaring mag-opt out sa pamamagitan ng email sa iyong paaralan: golden.square.ps@education.vic.gov.au bago magsimula ang survey 20/05/2024.

Ang personal na impormasyon ng mag-aaral ay ibabahagi sa ORIMA Research upang mapadali ang paghahanda ng survey bago ang proseso ng pag-opt out na ito. Kung pipiliin mo na hindi lumahok ang iyong anak, sisiguraduhin ng iyong paaralan na ang iyong anak ay hindi mabibigyan ng access sa survey. Ang mga detalye ng mag-aaral ay tatanggalin ng ORIMA Research kapag natapos na ang survey.

Kung ang iyong paaralan ay hindi nakatanggap ng email ng Pagtangga sa Pahintulot (Refusal of Consent) bago ang petsa ng pagsisimula ng survey na nasa itaas, nangangahulugan ito na pinahihintulutan mo ang iyong anak na lumahok sa 2024 Attitudes to School Survey.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa survey na ito, kasama ang mga tanong na sasagutin ng iyong anak, mangyaring bisitahin ang [pahina ng impormasyon ng survey](#) ng kagawaran.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyon, mangyaring makipag-usap sa guro ng iyong anak, o makipag-ugnayan sa kagawaran sa school.surveys@education.vic.gov.au.

Lubos na sumasainyo,

Kagawaran ng Edukasyon, Victoria